Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 51

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 199
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA NAGLALAYON AT NAGTATADHANA NA ISAMA ANG BASECO PORT AREA, BARANGAY 649, SONA 68, BILANG ISANG LUGAR SA IKALIMANG DISTRITO NG LUNGSOD NG MAYNILA SA OPISYAL NA MAPA NG PILIPINAS

PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.,**
MGA KASAMANG MAY AKDA: KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya, **KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ,** Pansamantalang Tagapangulo at **HON. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

SAPAGKAT, ang Baseco Compound ay matatagpuan sa Port Area at sakop ng Barangay 649, Sona 68, sa ikalimang Distrito ng Maynila na kasalukuyang pinamamahalaan ni Punong Barangay Diana Espinosa;

SAPAGKAT, ang Baseco Port Area ay may kabuuang lupain na humigit-kumulang tatlumpung (30) hektaryang lupa, at may populasyon na humigit-kumulang pitumput-tatlong libong (73,000) katao na kabilang sa humigit-kumulang dalawamput-apat na libo at anim na daan at siyamnapung (24,690) pamilya;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan, ang Baseco, Port Area ay hindi pa nakalagay o nakasaad sa mapa ng Pilipinas bilang isang lugar na bahagi ng Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, kinakailangan na maisama o mailagay ang Baseco, Port Area sa opisyal na mapa ng Pilipinas bilang isang lugar na bahagi ng Lungsod ng Maynila na may lehitimong pamayanan na nangangailangan din ng pagbabago at pag-unlad sa pamumuhay ng mga naninirahan dito: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, gaya ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na naglalayon at nagtatadhana na isama ang Baseco Port Area, Barangay 649, Sona 68, bilang isang lugar sa ikalimang Distrito ng Lungsod ng Maynila sa opisyal na mapa ng Pilipinas; at MULING MANGYARING

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, sa Tanggapan ng mataas na Senado at Mababang Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas, ang Punong Barangay ng nasabing lugar at Tanggapan ng Punong Lungsod ng Maynila, Kagalanggalang na Alkalde Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS.

PINAMUNUAN NI:

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 18 ng Mayo, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: acl/jok/cpf/ebs/hpr/avs